# Cielo

Itago mo na lang ako sa pangalang Cielo. May ikikwento ako sa 'yo, sixteen pa lang ako at nag-aaral noong nangyari ito sa akin. Dalawang buwan na akong hindi dinadatnan noon at nung nagpregnancy test ako, natakot ako ng dalawang linya ang lumabas. Hindi ko alam ang gagawin ko noon, hindi ko alam kung sino ang sasabihan ko, hindi ako makapagconcentrate sa pag-aaral, hindi ako makatulog...

Bakit nila nagawa sa akin ito? Bakit nila ako pinagsamantalahan?

Lumipas pa ang dalawang buwan ay umalis ako sa amin at nag drop-out sa school, tumira ako sa bahay ng isang kaibigan.

Hindi ito alam ng mga magulang ko.

Uminom ako ng Cytotec at pumunta sa manghihilot, pagkatapos noon ay dinugo ako ng sobra, naka-diaper na ako noon at ng hindi ko na kaya ay nagpadala na ako sa ospital. Takot na takot ako.

Ayaw kaming tanggapin sa ospital hanggat wala kaming pang downpayment. Tinanong nila ako kung bakit ako dinudugo, sabi ko uminom ako ng gamot dahil gusto ko i-abort ang pinagbubuntis ko. Habang ginagamot nila ako ay patuloy ang paninisi at galit nila sa akin.

Napakasakit. Higit sa pisikal na sakit ay ang sakit ng salita at panghuhuhsga nila sa akin.

Ikaw? Ano kaya ang mararamdaman mo kung ikaw ang nasa kalagayan ko?

Cielo